ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 7
Abril 7, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Palakasin ang paglaban sa papatinding panghihimasok militar at pang-uupat ng gera ng imperyalismong US

Sa susunod na mga linggo at buwan, tiyak na haharapin ng sambayanang Pilipino ang lalong paglubha ng panghihimasok militar ng imperyalismong US at mga kaalyado nitong bansa sa Pilipinas sa pang-uupat ng gera laban sa China. Hindi malayong humantong sa armadong kumprontasyon ang opensibong mga aksyon ng US at mga alyado nito kontra China sa loob ng taong kasalukuyan, lalo't desperadong magpakitang-gilas si President Biden ng US para sa eleksyon doon sa Nobyembre.

Ginagatungan ng US ang tensyong militar sa itinakda nitong *first island chain* na sumasaklaw sa mga bansa at isla para palibutan ang China (mula Kuril Islands, Japan, Ryukyu Islands, Taiwan, hilaga at kanlurang Pilipinas at Borneo). Lalong pinaiinit ng US ang sitwasyon sa nakatakdang pagpapakilos sa 11,000 tropang Amerikano sa Balikatan 2024 (Abril 22 hanggang Mayo 10) at ang hiwalay pang *wargames* na Cope Thunder mula Abril 8 hanggang 19.



Bago nito, sunud-sunod ang pagdating at pakikipagpulong ng mga susing upisyal militar at panseguridad ng US, kabilang si State Sec. Anthony Blinken, kay Ferdinand Marcos Jr at sa AFP. Itinaon ang mga pulong sa panahong mataas ang sentimyento laban sa isa na namang pambobomba ng tubig na isinagawa ng China laban sa "supply mission" ng Coast Guard sa Ayungin Shoal. Ang mga "supply mission" na ito ay bahagi ng mga taktika na tuwiran at patagong sinusulsulan ng US para hamunin ang "gray tactics" (mga agresibong aksyon na hindi armado) ng China at itulak itong direktang gumamit ng armadong aksyon.

Galit ang sambayanang Pilipino sa mga agresibong aksyon ng China laban sa barko at mga mangingisdang Pilipino. Subalit sa halip na itulak ang iba't ibang anyo ng pagresolba dito sa mapayapang paraan, sinasamantala ng US ang sitwasyon upang makialam at palakihin ang presensya ng militar nito sa bansa. Ginagamit din ito ng US para bigyang katwiran ang armadong aksyon nito sa ilalim ng Mutual Defense Treaty (MDT), sa layong gatungan at pasiklabin ang gera sa rehiyong Asia-Pacific sa hindi malayong hinaharap. Sa udyok ng US, idineklara kamakailan ni Marcos na "mapagpasyang tutugunan" ng Pilipinas ang panggigipit ng China, kaakbay ang "katuwang, kaibigan at kaalyado" nitong US.

Indikasyon ng balak ng US ng pagpapaarangkada ng panunulsol ng gera ang panibagong "dedlayn" ng AFP na dudurugin na nito ang lahat ng larangang gerilya noong Marso 31, gugupuin ang lahat ng panlabang yunit ng BHB bago ang katapusan ng

Hunyo, at lahat ng panrehiyong komite ng PKP at kumand ng BHB bago ang katapusan ng taon. Ang ilang ulit na rin na idineklara ni Marcos na nais niyang makita ang AFP na nakatuon sa "external defense" ay alinsunod sa hangarin ng US na lubos na magamit ang AFP sa mga plano nito sa paghahanda at pang-uupat ng gera kontra sa China. Tungo rito, handa si Marcos na magwaldas ng bilyun-bilyong pondo ng mamamayan para bilhin ang pinaglumaang mga armas na ibinebenta sa AFP ng US at mga alyado nito sa AFP.

Sa harap ng malaking banta ng pagtindi ng panghihimasok militar ng US, kailangan ubos-kayang ibwelo ang malawak na kilusang anti-imperyalista sa mga darating na linggo at buwan. Dapat itululy-tuloy ang kampanya at paglaban sa panghihimasok militar ng US, hindi lamang sa panahon ng Balikatan, kundi sa buong taon.

Agad na ikasa ang plano para sa malawakang kampanyang edukasyon sa kanayunan at mga syudad. Idaos ang mga pagtitipon at malawakang mga pag-aaral. Puspusang ilantad ang panunulsol ng gera ng US at pagmamanipula nito sa mga sentimyento ng mga Pilipino laban sa China, at ang tunay na pakay nitong makapagpwesto ito ng mga tropa at armas sa bansa, at makapagbenta ng mas maraming armas sa Pilipinas at katabing mga bansa. Tulad sa nagaganap na sa *proxy war* nito sa Ukraine, at henosidyo nito sa Palestine katuwang ang Zionistang rehimen sa Israel, malaki ang kikitain ng Amerikanong mga kumpanya sa armas kung sisiklab ang rehiyunal na gera sa Asia-Pacific.

Pakilusin ang buong bayan upang ipagtanggol ang kaligtasan ng Pilipinas sa harap ng pang-uudyok ng US ng digmaan sa China. Huwag hayaang maulit ang pinsala at pait na dinanas nang magsalpukan sa bansa ang imperyalistang US at Japan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Buklurin ang lahat ng demokratikong pwersa para labanan ang panghihimasok-militar ng US at itulak ang paglalansag ng mga base at pasilidad nito sa kalupaan at karagatan ng Pilipinas. Kasabay nito, igiit sa China na lumayas sa mga soberanong teritoryo ng Pilipinas at itigil ang panggigipit nito sa mga mangingisda sa sarili nating pangisdaan. Ituon kapwa sa China at US ang panawagang lumayas at itigil ang militarisasyon sa West Philippine Sea, habang binibigyang diin ang paglalantad at pagbatikos sa higit na mas malaki at agresibong presensya ng US sa karagatan at kalupaan ng Pilipinas, at sa tuwirang pang-uupat nito ng gera.

Patampukin ang mga krimen ng US sa bansa sa mahigit isang siglo na nitong paghahari-harian at pandarambong sa Pilipinas. Ilantad ang mga paglabag sa karapatang-tao, pambobomba at iba pang pang-aabuso ng pinatinding kampanyang panunupil sa kanayunan ng pinopondohan, sinasanay at inaamarsan nitong AFP.

Ikawing ito sa malawakang pambobomba na ginawa ng US-Israel sa Gaza, at ginagawa rin ngayon sa India. Pahigpitin ang pagkakaisa ng mamamayang Pilipino at Palestino at lahat ng aping mamamayang biktima ng imperyalismong US.

Higit pang palakasin ang ugnayan at mga alyansang kontra sa imperyalistang panggegera ng US sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ibayong palakasin ang pananawagan sa masang Amerikano na makiisa sa pakikibakang Pilipino at labanan ang pagbibigay ng gubyernong Biden ng ayudang militar at armas sa papet na rehimeng Marcos at abusadong AFP

Sistematikong abutin, organisahin at pakilusin ang papalaking bilang ng mamamayan laban sa Balikatan, lumalalang panghihimasok ng US, at pang-uupat ng digmaan. Kaakibat ng paglaban ng sambayanan kontra "chacha" at mga kagyat ng kahingian ng taumbayan para sa dagdag sahod, kagalingan at karapatan, ang paglaban na ito ay ibayong magpapalakas at magpapasigla sa pambansa-demokratikong kilusang masa.

Determinado naman ang BHB na magpalakas at ilunsad ang paparaming mga taktikal na opensiba, na krusyal na salik para hadlangan ang iskema ng US na pasiklabin ang inter-imperyalistang digma. Palakasin ang rekrutment ng BHB at tipunin ang malawak na suporta ng patriyotikong kilusan para sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. AB


ANG Bayan

Tomo LV Blg. 7 | Abril 7, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Palakasin ang paglaban sa papatinding panghihimasok militar at pang-uupat ng gera ng imperyalismong US 1
Ika-55 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang 3
Rebolusyonaryong pagdiriwang sa ICR 3
Kumperensya hinggil sa imperyalismo, idinaus 4
85th IB, inambus ng BHB-Quezon 4
Kalbaryo ng Masang Anakpawis, isinagawa 5
Paggalang sa IHL, puspusang ipinaglaban 5
Mga protesta 5
Kilusang pagwawasto sa Agusan at Surigao 6
Sa madaling salita 7
Pambobomba, pagpatay, karahasan ng AFP 8
2 dinukot na aktibista, inilitaw na 8
"Kwarantinang" militar 9
Protesta laban sa liberalisasyon sa India 10



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Ika-55 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang



Nagkakaisa sa diwa, nakakuyom ang kamao na ipinagdiwang ng mga kadre at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas, mga mandirigma at kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ng mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng rebolusyonaryong masa ang ika-55 anibersaryo ng BHB noong Marso 29.

Kasabay ng anibersaryo, nanawagan ang Komite Sentral ng pagbabalik-tanaw sa mga nakamit ng hukbong bayan at mga pagkukulang sa nagdaang taon, paghahalaw ng mga aral mula sa mga ito, at pagbubuo ng plano para kamtin ang mas malalaking tagumpay sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa darating na taon.

Malugod ding ipinabatid ng Komite Sentral na ang panawagan para sa kilusang pagwawasto na inilabas ng Partido noong nagdaang Disyembre 2023 ay buong-pusong niyakap ng lahat ng panrehiyong komite ng Partido at kumand ng BHB. "Positibo ang kanilang naging tugon at kasalukuyang nagsasagawa ng mga kumperensya ng paglalagom at mga pulong pag-aaral upang tukuyin ang mga pagkakamali at pagkukulang upang iwasto ang mga iyon, at matatag at komprehensibong isulong ang lahat ng rebolusyonaryong tungkulin," ayon sa Komite Sentral.

Inatasan din ng pamunuan ng Partido ang BHB na maglunsad ng mga batayang taktikal na opensiba na kayang ipagwagi, na nagpapahina sa kaaway sa pamamagitan ng baha-bahaging pagpuksa ng kanyang armadong pwersa, at nagsasamsam sa mga armas nito. "Itinataas natin ang kakayahan ng BHB sa pakikidigma sa pamamagitan ng pakikidigma," pahayag pa nito.

### Mga pagdiriwang at aktibidad

Simula kalagitnaan ng Marso, inilunsad sa mga larangang gerilya at syudad, mula Luzon hanggang Mindanao—ang mga lihim na pagtitipon para sa anibersaryo ng hukbong bayan.

Noong Marso 25, naglunsad ng raling-iglap sa Recto Avenue, Manila ang iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon sa National Capital Region (NCR) para itanghal ang BHB. Pinangunahan ang pagkilos ng NDF-NCR na nilahukan pangunahin ng mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) at Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas). Anila, dapat patampukin at itanghal sa bawat sulok ng rehiyon ang armadong paglaban bilang pangunahing anyo ng pakikibaka at ipayakap ito sa sambayanan.

Sa Rizal, namahagi ng polyeto ang mga kasapi ng NDF-Rizal sa mga dumalo at nakiisa sa tradisyunal na Alay Lakad, na nilalahukan ng milyun-milyong Katoliko, sa Antipolo City noong Marso 28. Kinabukasan, Marso 29, isinabit nila ang inihandang likhang-sining na balatengga sa matataong lugar sa bayan ng Taytay.

Pinangunahan naman ng mga balangay ng KM ang pagdiriwang sa loob ng mga pangunahing unibersidad sa bansa. Nagpinta sila ng mga panawagan at nagpaskil ng mga *poster* sa Polytechnic University of the Philippines sa Sta. Mesa, Manila, University of the Philippines (UP)-Visayas sa Miag-ao, Iloilo, UP Los Baños, at UP Cebu.

Naglunsad din ng oplan pinta ang Christians for National Libera-

*Sundan sa pahina 4*

### Rebolusyonaryong pagdiriwang sa ICR

PUNO NGA REBOLUSYONARYONG sigla at galak na nagdiwang ang mga rebolusyonaryong pwersa at masa sa araw ng ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang bahagi ng Ilocos at Cordillera, kabilang sa mga lungsod ng rehiyon. Sa pagdiriwang, binasa at tinalakay ang pahayag ng Komite Sentral ng Partido para sa ika-55 anibersaryo ng BHB. Sinaluduhan nila ang mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB at nagpugay sa kadakilaan ng mga rebolusyonaryong martir.

Isinagawa ang mga pagdiriwang sa iba't ibang pagtitipon kagaya ng mga pag-aaral sa Abanteng Kurso ng Partido at Intermedyang Kurso ng Partido sa huling linggo ng Marso. Hinimok sa mga pagtitipon ang nakababatang mga kadre na ibuhos ang panahon sa Pulang hukbo at gamitin ang mga oportunidad upang matuto, magsanay at maging mahuhusay na mandirigmang bayan sa pulitika at militar.

Binigyang sigla ang mga pagdiriwang ng mga pangkulturang pagtatanghal kagaya ng pagtula, tula-galaw at sama-samang pagkanta ng mga rebolusyonaryong awitin at mga salu-salo.

Ang nasabing mga pagdiriwang sa Ilocos-Cordillera ay sampal sa mukha ng Northern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines na nagdeklarang durog na ang mga larangang gerilya at rebolusyonaryong kilusan ng rehiyon. Nagmukhang tanga ang mga pwersa ng militar at pulis na todo-alerto na nagposte at nagmanman pa kahit sa mga syudad at sentrong urban, na sa tungki ng kanilang ilong ay nagtataas ng kamao at umalingawngaw ang mga panata ng mga rebolusyonaryong puersa na isusulong ang digmang bayan sa ika-55 anibersaryo ng hukbong bayan. AB

# Kumperensya sa teorya kaugnay sa mga krisis ng imperyalistang ekonomya, idinaos

Matagumpay na idinaos mula Marso 28 hanggang Marso 29 sa Amsterdam, The Netherlands, ang Internasyunal na Kumperensya sa Teorya kaugnay sa mga Krisis ng Imperyalistang Ekonomya. Dinaluhan ito ng 98 delegado at kinatawan mula sa mga grupo at partidong proletaryo, anti-imperyalista at demokratiko mula sa 18 bansa. Pangalawang kumperensya na ito na pinasinayaan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Inilunsad noong Oktubre 2023 ang unang kumperensya na tungkol sa paglulunsad ng digmang bayan.

Alinsunod sa pabatid na inilabas ng kumperensya, tinalakay sa 2-araw na pagtitipon ang kasalukuyang mga katangian at padron ng mga krisis sa ekonomya sa ilallim ng imperyalismo at sa gitna ng tumitinding inter-imperyalistang tunggalian. Naging tampok sa mga diskusyon ang 1) kapitalistang sobrang produksyon; 2) mga oligarkiya sa pananalapi at mga digmaang pangkalakalan; at 3) ang pandaigdigang krisis dulot ng imperyalistang kasakiman at paghahabol ng supertubo.

Isa sa mga pangunahing naglahad ng pananaw ang Partido Komunista ng Pilipinas na nagsumite ng dokumentong pinamagatang "Ipinakikita ng Imperyalistang mga Krisis na Hinog na ang Naghihingalong Sistema para sa Sosyalistang Rebolusyon." Tinalakay nito ang mga dinaanang yugto ng pangkalahatang krisis ng kapitalismo sa ilalim ng imperyalismo—mula una hanggang sa kasalukuyang ika-apat na yugto nito. Binaybay nito sa kasaysayan ang hugis ng naturang mga krisis na humahantong sa lalong pagkaagnas ng kapitalismo at paglawak ng sosyalistang rebolusyon sa buong daigdig. Inilarawan nito ang antas ng kabulukan ng kasalukuyang ika-apat na yugto ng pangkalahatang krisis, na kinatangian ng paglala ng pang-aapi at pagsasamantala sa uring manggagawa at iba pang inaaping uri sa mundo sa ilalim ng mga patakarang neoliberal.

Nagpadala rin ng kontribusyong dokumento ang Communist Party of India (Maoist). Nilalaman nito kung paano hinog na ang kasalukuyang kalagayan sa ekonomya para sa muling pagbangon ng proletaryong rebolusyonaryong pakikibaka.

Sumentro ang mga talakayan sa 17 isinumiteng mga pananaw at talumpati ng mga kinatawan ng mga partido komunista, mga kilusang pambansang pagpapalaya, at mga pormasyong pampulitika mula sa Australia, Belgium, Canada, India, Italy, Kurdistan, Pilipinas, Turkey, at US, gayundin ng anti-imperyalistang mga organisasyong kumakatawan sa mga kababaihan, migrante, manggagawang pang-agrikultura, maralitang lungsod, at mga siyentipiko. AB

## 85th IB, inambus ng BHB-Quezon

MAPANGAHAS NA TINAMBANGAN ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon (Apolonio Mendoza Command) ang 30-kataong yunit ng 85th IB na nag-ooperasyon sa Barangay Doña Aurora, Calauag noong Marso 25, alas-6 ng gabi. Tatlo ang naiulat na nasugatan sa mga pasistang sundalo.

Ayon sa pahayag ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng BHB-Quezon, pinasabugan ng hukbong bayan ng *command detonated explosive* ang 85th IB at tumagal ang sagupaan ng 10 minuto. Ligtas naman ang yunit ng BHB. Muli nitong napasubalian ang deklarasyon sa Quezon bilang "insurgency-free" noong Hunyo 2023 at pagpapailalim sa kategoryang "Stable Internal Peace and Security," aniya.

Sa Agusan del Sur, iniulat kamakailan ng yunit ng BHB sa prubinsya na nagsagawa ito ng operasyong haras laban sa nag-ooperasyong tropa ng 3rd Special Forces Batallion (3rd SFB) sa Barangay Mabuhay, Prosperidad noong Enero 19. Dalawang pasista ang napatay sa pag-atake ng mga Pulang mandirigma, kabilang ang isang upisyal ng mga mersenaryo.

*Mula sa pahina 3*

tion, Katipunan ng mga Gurong Makabayan, Makabayang Samahang Pangkalusugan, Liga ng Agham para sa Bayan, at Armas sa Quezon City, Pasig City at Manila City. Naglabas naman ng pahayag ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan. Ipinanawagan nila ang palahok ng kani-kanilang sektor sa digmang bayan at pagsapi sa BHB.

Samantala, nagkaroon din ng mga pagtitipon at aktibidad ang mga yunit ng BHB sa lahat ng mga rehiyong umiiral ito.

**Internasyunal na pagbati**

Nagpaabot din ng pagbati ang ilang partido at organisasyon sa ibang bansa sa pagdiriwang ng anibersaryo ng BHB. Sa pahayag ng Komite Sentral ng Communist Party of India (Maoist), ipinabatid nito ang tiwala sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas na mapangingibabawan nito ang pansamantalang mga pag-atras at balakid at makaaabante pasulong.

Nagpahayag din ng pagkilala sa hukbong bayan ang Friends of the Filipino People in Struggle at Anti-Imperialist Action Ireland (AIAI). Bilang kanilang pagbati, nagsagawa ng oplan pinta ang AIAI sa Galway, Ireland.

Ipinagdiwang din sa Amsterdam, the Netherlands ang anibersaryo ng BHB kasabay ng pagtatapos ng inilunsad na teoretikal na kumperensya ng NDFP noong Marso 28-29. Dumalo sa pagtitipon ang 98 delegado mula sa siyam na mga bansa. AB

## Kalbaryo ng Masang Anakpawis, isinagawa sa Metro Manila at Southern Tagalog

INILUNSAD NG MGA organisasyon ng masang anakpawis noong Marso 26, sa Recto Avenue sa Maynila, ang taunang Kalbaryo ng Masang Anakpawis. Kabilang sa mga usaping iniharap ng mga kalahok sa Kalbaryo ang tumitinding krisis sa kabuhayan, reklamasyon sa Manila Bay at demolisyon sa Navotas at pangre-*red-tag* sa mga lider aktibista at kanilang mga komunidad. Dala nila ang mga panawagan para sa pagtataas ng sahod at pagwawakas sa kontraktwalisasyon, pagbubuwag ng mga unyon, panggigipit sa mga manggagawa at malawakang disempleyo sa pambansang kabisera.

Inilunsad naman ang Kalbaryo ng Timog Katagalugan noong Marso 24. Dala-dala ng mga kalahok nito ang pagtutol sa *charter change* at pagsusulong ng tunay na reporma sa lupa, nakabubuhay na sahod, pambansang soberanya, at makatarungang kapayapaan. Sa sumunod na araw, tumungo sila sa pambansang kabisera para igiit ang kanilang mga hinaing sa mga kagawaran ng empleyo, edukasyon at kapaligiran.

---

## Paggalang sa internasyunal na makataong batas, puspusang ipinaglaban

MABILIS NA NAGPADALA ng mga pangkat ang Karapatan-Southern Tagalog at iba pang grupo sa Batangas at Quezon noong nakaraang linggo para tiyakin na igagalang ng mga armadong pwersa ng reaksyunaryong estado ang internasyunal na makataong batas. Umagapay sila sa masang magsasaka at umalalay sa mga kaanak ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa pagtiyak ng kanilang mga karapatan.

Sa Batangas, inasikaso ng pangkat at pamilya ang pagkuha sa mga bangkay ng mga mandirigmang sina Junalice Arante-Isita (Ka Arya), Bernardo Bagaas (Ka Mamay/Mike) at Erickson Cueto (Ka Ricky/Vale) na napaslang sa pag-atake ng 59th IB noong Marso 26 sa Barangay Elvita (Tubahan), Rosario, Batangas.

Sa Quezon, tumulong sila sa pamilya nina Divine Sureta (Ka Zoe) at Paul Cruz (Ka Isko), mga mandirigmang namartir sa engkwentro sa Guiniyangan noong Marso 28.

Sa parehong pagkakataon, dumanas sila ng panggigipit mula sa pulis at militar. Labis na inantala ang pamilya sa pagkuha sa labi ng kanilang mga kaanak at ginambala pati ang mga komunidad na pagdadausan ng lamay. Gayunman, matapang nilang iginiit ang karapatan ng mga pamilya at nanindigan na dapat igalang ang internasyunal na makataong batas.

Isang pangkat din ang ipinadala nila sa Calauag, Quezon para alamin ang kalagayan ni Randy Reota, iniulat ng militar na sumukong kasapi ng BHB noong Marso 25. Nais nilang tiyakin ang paggalang sa mga karapatan ni Reota.

**Ayuda at suporta sa mga apektado ng El Niño, ibigay!** Nagpiket ang mga grupo ng magbubukid at mangingisda sa upisina ng National Food Authority (NFA) at Department of Agriculture (DA) sa Quezon City noong April 3. Binatikos nila ang dalawang ahensya ng rehimeng Marcos sa kapabayaan at kainutilan nito na ayudahan ang mga magbubukid at mangingisda na labis na apektado ng mga salanta ng El Niño.

**Kumpanyang Boskalis, pinananagot sa pinsala sa Manila Bay.** Nagprotesta sa harap ng embahada ng The Netherlands sa Maynila noong Marso 22 ang mga grupong maka-kalikasan, syentista, mangingisda at mga residente sa mga baybay ng Manila Bay para singilin ang Boskalis Westminster NV, isang kumpanyang Dutch, sa idinulot nitong pinsala dahil sa *dredging* para sa proyektong reklamasyon noong 2021-2023. Ang *dredging* na ito ay paghahanda para sa pagtatayo ng proyekto ng San Miguel Corporation na New Manila International Airport sa Bulacan. Isang katulad na protesta ang isinagawa naman sa Papendrect, The Netherlands, kung saan naroon ang pangunahing upisina ng Boskalis.

**Mga estudyante ng UST, nagkaisa kontra panunupil sa kampus.** Naglunsad ng kilos-protesta ang mga estudyante ng University of Sto. Tomas (UST) sa harap ng kampus nito sa Maynila noong Marso 22 para kundenahin ang mapaniil na mga patakaran sa unibersidad. Kasunod ang sama-samang pagkilos ng pagpagpapahayag ng pagkakaisa ng mga konseho ng mag-aaral, mga pahayagan, at iba pang organisasyon sa kampus noong Marso 20 laban sa administrasyon ng UST. Pinangunahan ang mga aktibidad ng Rise for Education Alliance-España.

**Dayuhang pag-aari sa mga eskwelahan at taas-matrikula, binatikos.** Nagprotesta ang mga kabataang estudyante sa harap ng Commission on Higher Education (CHED) sa Quezon City noong Marso 22 para batikusin ang pagtataguyod ng rehimeng US-Marcos sa *charter change* na magpapahintulot sa 100% pag-aari ng dayuhan sa mga eskwelahan sa bansa. Kinundena rin nila ang nagbabadyang pagtaas ng matrikula sa mga pribadong unibersidad na anila ay tiyak na aaprubahan ng CHED bilang "rubber stamp" ng mga eskwelahang ito.

**Serye ng tanggalan sa Nexperia, nilalabanan.** Nagprotesta noong Marso 22 sa loob ng Laguna Industrial Science Park sa Cabuyao, Laguna ang mga manggagawa ng Nexperia Philippines, kasama ang kanilang mga tagasuporta, para tutulan ang nakatakdang pagtatanggal ng 54 na manggagawa sa Abril. Ang tanggalang ito ay pangalawa na sa loob ng walong buwan. Batid nilang layunin ng serye ng mga tanggalan ang buwagin ang unyon na nagkamit na ng mga tagumpay sa sama-samang pagkilos ng mga manggagawa sa nakaraan.

Koresponsal

# Pagsisimula ng kilusang pagwawasto sa Agusan at Surigao del Sur

Magkakasunod na pag-aaral at talakayan ang matagumpay na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga prubinsya ng Agusan at Surigao del Sur sa unang kwarto ng 2024. Bunga ng marubdob na pagtanggap ng komite at mga kasapi ng Partido sa panawagan ng Komite Sentral na ilunsad ang kilusang pagwawasto sa mga gawain sa ideolohiya, pinagsikapan at determinadong inilunsad ng BHB dito ang mga pag-aaral at talakayan sa gitna ng sustenidong operasyon ng kaaway.

Sinimulan nila ito sa pag-aaral sa pahayag ng Partido sa ika-55 anibersaryo kung saan tatlong grupo ang nakapagtapos sa istagard na pag-aaral. Ang unang grupo ay pinangunahan at dinaluhan ng mga kasapi ng komiteng seksyon at larangang gerilya. Karamihan sa mga dumalo ay mga nakababatang kadre na bumubuo sa 74% at 26% naman ang nakatatandang kadre. Tumagal ang buong pag-aaral nang 18 oras at 30 minuto. Basa-talakay at *chalk talk* ang naging paraan sa pagtalakay ng mga kasama.

Sa kolektibong diskusyon, naging buhay ang talakayan ng mga kasama dahil sa pagbabahagi sa kanilang mga karanasan sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masa at kung paano pinamunuan ang pagsusulong ng digmang bayan sa prubinsya kasabay ng mapagkumbabang pagsusuri at pagtanggap sa mga partikular na kahinaan at kakulangan na nagresulta sa ilang mga kabiguan sa pagharap sa atake ng kaaway.

Samantala, sinimulan ng mga kasama ang ikalawang grupo ng pag-aaral na binubuo ng lahat ng kasapi ng Partido sa loob ng hukbo mula sa mga kandidato at ganap na kasapi (40% at 60%). Nagsilbing instruktor nila ang mga kasamang una nang nakapagtapos. Pinagsikapang mapagaan ang daloy ng talakayan sa paglikha ng mga simpleng biswal katulad ng *drawing* sa mapa ng daigdig upang mas madaling mailarawan sa mga mag-aaral ang mga bansang imperyalista at kung saan ito naglulunsad ngayon ng *proxy war*, naipakita rin sa mga kasama ang latag ng mga bansang atrasado o kolonya at semikolonya na nagsusulong ng armadong pakikibaka. Bagamat basa-talakay pa rin ang pamamaraan, nagawang bahagyang paiksiin ang kabuuang tagal ng pag-aaral. Sa ikatlong *batch*, mapangahas na tinanggap ng ilan sa mga kasamang may potensyal sa pagtuturo ang tungkulin na magsanay na magsilbing instruktor para sa huling grupo na binuo ng mga Pulang mandirigma na hindi pa kasapi ng Partido.



Ayon sa mga kasama, malaki ang naitulong sa kanila ng pag-aaral sa pahayag ng Partido. Nakapagbigay ito ng panibagong lakas at dagdag na tatag upang mas pagtibayin ang kapasyahang lumaban at magpatuloy sa armadong pakikibaka.

"Mas naging kongkreto sa kanila ang pagiging gabay ng Partido upang mas maunawaan ang mabilis na pagbabago ng kalagayan," ayon kay Kasamang Del, isa sa mga mag-aaral. Nagsilbing tanglaw rin ito sa mga kasamang pinanghinaan ng loob at inagapan din silang bumangon mula sa pagkakalugmok sa mga negatibong kaisipan. Isa rito si Ka Maja, isang inang minsa'y nalulunod sa pangungulila sa kanyang mga anak.

Nagsilbing hamon naman kay Ka Che na mas magpakatatag at harapin ang mga pagsubok sa paggampan sa komprehensibong gawain. "Dama ko ang pangangailangang dobleng magsikap upang sumulong at tumibay bilang kasapi ng Partido," aniya.

Ang sumunod na mga talakayan ay bahagi ng pag aaral sa mga topiko sa Padepa (Pambansang Demokratikong Paaralan) upang balik-aralan at unawain ang mga partikular na tungkulin mula sa antas komite ng Partido, sa buong kasapian nito, hanggang sa gawain sa platun at mga katuwang nito. Ang mga pag-aaral ay paghahanda na rin sa planong paglulunsad ng Batayang Kurso ng Partido.

Sa kabuuan, masaya at masigasig ang mga kasama sa pagharap sa mga hamon at naabot ang layuning simulan ang kilusang pagwawasto, magkonsolida, tukuyin ang bawat partikularidad kung saan nagkulang at nagkamali at determinadong igpawan ang mga kahinaan upang mas higit pang sumulong sa susunod na mga panahon. AB

# 29%

**ang inilaki ng pinagsamang yaman ng tatlong (Manny Villar, Enrique Razon, Ramon Ang) pinakamalaking burgesya-kumprador sa Pilipinas sa nakaraang taon, mula ₱1.1 trilyon tungong ₱1.4 trilyon bilyon noong Marso.**

Samantala, tumaas lamang nang 7% ang abereyds na minimum na sahod ng mga manggagawa mula ₱409 tungong ₱439 sa parehong panahon.

## April 1, 2016

naganap ang Kidapawan Masaker, kung saan pinagbababaril ng mga pulis ang mga nagraraling magsasaka sa Kidapawan City, North Cotabato para sa karampatang suporta mula sa estado sa gitna ng matinding tagtuyot na dulot ng El Niño.

Tatlo ang namatay at higit 100 ang sugatan sa masaker na ito.

# $700 M +

**ayudang militar na ibinuhos ng US sa Taiwan para udyukin ang paghihiwalay nito sa China at gamitin ang mamamayan ng isla sa pakikipaggirian nito sa China.**

# ₱164.7B

depisit sa badyet ng Pilipinas sa unang kwarto ng 2024, 55% mas malaki kaysa ₱106.4 bilyong depisit sa unang kwarto ng 2023.

# 27

**nang sanggol at bata ang namatay sa gutom sa Gaza.**

# 46

**beses nang ginamit ng US mula 1972 ang boto nito sa Security Council ng United Nations para ipagtanggol ang mga agresyong militar at pananakop ng Israel sa mga teritoryo ng Palestine.**

Tatlo ay ginamit nito lamang nakaraang limang buwan para patagalin at patindihin ang gerang henosidyo laban sa mga Palestino sa Gaza.

# 139

kawani ng **National Food Authority** ang "di makatarungan at walang batayang" sinuspinde sa alegasyong sangkot sila sa "sindikato" sa loob ng ahensya.

Iginiit ng COURAGE na kagyat silang ibalik sa trabaho.

Praymer

**Salanta ng El Niño: Tagtuyot, kapabayaan at pasismo ng rehimeng Marcos**

Marso 2024

I-*download* ang inyong kopya sa:

https://philippinerevolution.nu/

## Pambobomba, pagpatay at karahasan ng AFP sa nagdaang linggo

Naghatid ng takot sa mga residente ang isinagawang *aerial bombing* ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga komunidad sa hangganan ng Sta. Maria, Ilocos Sur at Pilar, Abra noong Abril 2 ng tanghali. Hindi bababa sa 212 pamilya ang lumikas dahil sa mga pambobomba at panggigipit sa kanilang kabuhayan. Liban dito, daan-daang tropang militar din ang ibinuhos sa lugar para sa operasyong kontra-insurhensya.

Ang paggamit ng malalakas na bomba ay "likas na indiscriminate" o walang pinipili, nagsasapanganib sa buhay at kabuhayan ng mga sibilyan at nagdudulot na malawak na pagkawasak sa kapaligiran. Sa katunayan, lagpas sa *ground zero* ang epekto ng pambobomba ng AFP mula sa ere, taliwas sa sinasabi ng 501st IBde na pambobomba ay nakatuon lamang sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Abra.

**Pagpatay.** Pinagbabaril hanggang mapatay ng 62nd IB at mga pulis ang sibilyang magsasaka na si Marlon Catacio sa Sityo Ngalan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental noong Abril 4. Para takasan ang pananagutan, pinalabas ng militar na Pulang mandirigma si Catacio na napatay sa isang engkwentro. Agad itong pinasinungalinan ng mismong ina ng biktima.

**Pag-aresto.** Dinakip ng 62nd IB si Ronald Cantela sa Sityo Pitikpitik, Barangay Luz, Guihulngan City noong Marso 20. Pinalalabas ng mga sundalo na nakumpiska sa kanyang bahay ang isang pistola. Winasak din ng mga sundalo ang mga gamit ng pamilya habang naghahalughog.

**Pag-abuso.** Hinipuan at binastos ng isang lasing na elemento ng 59th IB ang isang dalagita sa Sityo Sales, Barangay Pook, Balayan, Batangas noong Marso 28. Liban dito, walang kadahi-dahilan ding binugbog ng sundalo ang 14-anyos na lalaki na kasama ng dalagita.

**Panggigipit.** Tinakot at hinaras ng pinagsanib na mga pwersa ng pulis, militar at upisyal ng barangay ang tim ng mga boluntir na nagsasagawa ng imbestigasyon ukol sa epekto ng El Niño sa mga magsasaka at residente ng Barangay Sampaga, Balayan, Batangas madaling araw ng Marso 24. AB

---

## Paglilitaw sa 2 dinukot na aktibista sa Pangasinan, bunga ng mabilis at masigasig na paggigiit

Sa loob ng tatlong araw, natulak ng mga kaanak, kaibigan at mga kapwa aktibista ang mga pwersa ng estado at ang rehimeng Marcos na ilitaw sina Francisco "Eco" Dangla III at Joxelle "Jak" Tiong. Dinukot ang dalawa noong alas-8 ng gabi ng Marso 24 sa Barangay Polo, San Carlos City, Pangasinan. Inanunsyo ng mga grupo sa karapatang-tao na "wala na sa kamay ng mga dumukot sa kanila ang dalawa, bugbog sarado, pero buhay" noong Marso 27.

Sa salaysay ng mga saksi, dinukot ang dalawa matapos harangin ng isang SUV ang traysikel na sinasakyan nila. Dalawa hanggang tatlong tao mula sa SUV at isa pang sakay ng isang motorsiklo ang nambugbog at nagsakay sa kanila sa sasakyan, anila. Narinig pa nila ang paghingi ni Tiong ng tulong.

Si Dangla, 39, ay dating estudyante ng University of the Philippines at kasalukuyang tagapagsalita ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Pangasinan. Habang si Tiong, 29, gradweyt ng Universidad de Dagupan ay koordineytor ng Kabataan Partylist sa prubinsya. Pareho silang tagapagtipon ng Pangasinan People's Strike for the Environment, grupong naninindigan laban sa planong *black sand mining* at pagtatayo ng *nuclear power plant* sa prubinsya. Bago ang insidente, biktima na ang dalawa ng walang tigil na *Red-tagging*, pagmamanman, intimidasyon at iba pang porma ng panggigipit ng armadong pwersa ng estado.

Malaki ang naging tulong ng malawakang paghahanap at paglikha ng ingay para mailitaw ang mga biktima. Kaagad na naiulat ang insidente ng pagdukot sa kanila, naipaskil sa *social media*, nakapaglabas ng mga pahayag at umani ng suporta mula sa mga grupong makakalikasan at iba pa. Naibalita din ito kaagad sa telebisyon.

Nagprotesta rin kaagad ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao noong Marso 25 sa Quezon City para kundenahin ang pagdukot ng mga ahente ng AFP at PNP sa dalawa. Nagbuo rin ng mga tim para sugsugin ang mga kampo militar at istasyon ng pulis sa kinaroroonan ng mga biktima.

Bahagi ng kampanya ang pagpunta ng mga kaanak nila Dangla at Tiong, kasama si Kabataan Representative Raoul Manuel, mga taong-simbahan at iba pang mga grupo sa Camp Lt. Tito Abat, Barangay Calaoacan, Manaoag, Pangasinan, kampo ng 702nd IBde, 7th ID. Nagusisa sila sa kampo at naghain ng "inquiry" kaugnay ng ulat sa sapilitang pagkawala kina Dangla at Tiong. AB

Koresponsal

# "Kwarantinang" militar, kulungan ng "sumuko" na mga sibilyan sa Surigao del Sur

Mula nang kinuyog ng mga yunit ng 3rd SFB at 75th IB ang Surigao del Sur noong 2020, dumami ang dumanas ng kalupitan ng militarisasyon at nabiktima ng pekeng pagpapasuko ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Karamihan sa kanila ay mga Lumad.

Sa tabing ng Retooled Community Support Program (RCSP) at Enhanced Community Livelihood and Integration Program (E-CLIP), nagbabahay-bahay ang mga sundalo at pulis bitbit ang listahan ng mga target nila sa kampanyang pekeng pagpapasurender. Kahit pa hindi sila sinasampahan ng kaso, ang mga nasa listahan ay pinilit na "sumuko" at "magpakulong" sa kampo para "magpa-*clear* o malinis" ang kanilang mga pangalan. Pinangakuan silang "lalaya" rin sa loob ng tatlo hanggang anim na buwan matapos "malinis" ang kanilang pangalan. Ang mga hindi susuko ay pinagbantaang sasampahan ng kabi-kabilang kaso. Dahil sa takot, ilan ang napilitang "sumuko" at pumaloob sa "kwarantina" habang kunwa'y pinoproseso ang gawa-gawang mga kaso laban sa kanila.

Sa aktwal, ang "pagkakwarantina" ay iligal na pang-aaresto at detensyon sa mga indibidwal na iniuugnay sa armadong kilusan na arbitraryo at walang batayang itinuturing ng estado bilang "terorista." Pinalalabas na "boluntaryo" ang kanilang pagsuko dahil walang naka-isyu na mandamyento de aresto laban sa kanila. Marami sa kanila ang hindi inihaharap sa korte, walang ligal na representasyon at pinagkakaitan ng ibang mga karapatan. Labag ang gayong pang-aaresto at pagkulong sa batayang mga karapatang sibil, at maging sa internasyunal na makataong batas.




Sa kabilang banda, ang mga pekeng pagpapasurender, iligal at sikretong pang-aaresto at detensyon ay pagsasapraktika sa pasistang Anti-Terror Law. Pinahihintulutan ng batas na ito ang arbitraryong paglilista ng sinuman bilang mga "terorista," at ang pag-aresto at pagkulong sa kanila nang lampas 24-oras nang walang malinaw na kaso.

**Palabigasan ng militar**

Malaking pasanin ang iskemang ito sa mga magsasakang biktima dahil kinakailangan nilang magpyansa sa mga gawa-gawang kaso. Marami sa kanila ang napipilitang magbenta ng kanilang mga lupa at mangutang nang may mataas na interes upang makalikom ng pyansang mula sa karaniwang ₱30,000 hanggang ₱120,000.

Kahit nakabayad na sila ng pyansa, hindi pa rin natapos ang kanilang kalbaryo. Dagdag pahirap sa kanila ang pamumwersa ng militar na ipagkanulo nila ang kanilang mga kasama at lider, tiktikan ang mga pinaghihinalaang umuugnay sa BHB, at iulat kung may nakikita silang mga palatandaan o kampo ng BHB.

Ang ibang biktima na sinampahan ng gawa-gawang mga kasong kriminal tulad ng pagpatay at bigong pagpatay ay inililipat sa *provincial* o *city jail*, kung saan walang katiyakang sila'y makalalaya pa.

Ginawa ring palabigasan ng mga upisyal ng AFP at PNP ang nakatakdang ayudang pinansya para sa mga "surenderi" sa ilalim ng E-CLIP. Wala ni isang sentimo silang natanggap mula sa programang ito. Mas maraming ikinukulong ang mga sundalo na magsasaka, mas marami silang naibubulsa.

Layunin ng iligal na mga pang-aaresto at detensyon ang pahinain ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayan sa Surigao del Sur at tuldukan ang kanilang tatlong dekadang pagsagka at paglaban sa pagpasok ng mga *logging concession* at dayuhang kumpanya sa pagmimina na matagal nang naglalaway sa likas na yamang kinakanlong ng kanilang mga lupaing ninuno. AB

# Protestang magsasaka laban sa liberalisasyon, muling bumwelo sa India

Noong Marso, hinikayat ng Communist Party of India-Maoist (CPI)-Maoist ang puu-puong libong magsasaka na ipagpatuloy ang kanilang protesta hanggang di nila nakakamit ang kanilang mga hinihingi. Mula kalagitnaan ng Pebrero, tuluy-tuloy ang mga pangmasang pagkilos na nilalahukan ng 30,000-50,000 magsasaka para igiit ang makatarungang presyo ng bilihan ng kanilang mga produkto at pagpapatupad ng mga pangako ng naghaharing partidong Bharatiya Janata Party (BJP) sa nakaraang dalawang taon.

Sakay sa kanilang mga traktora, binalak ng mga magsasaka na dalhin sa Delhi, kabisera ng India, ang kanilang protesta pero hinarang at dinispers sila sa Shambu, isang bayan na 200 kilometro ang layo sa kabisera. Mula Pebrero 13, paulit-ulit na binuwag ng mga sundalo at pulis ang kanilang protesta sa pamamagitan ng pagbagsak ng bombang *teargas* gamit ang mga *drone* at pamamaril gamit ang tunay na bala at *rubber bullets*. Di bababa sa dalawang raliyista ang napatay at daan-daan ang nasugatan. Mayroong mga nabingi at nabulag dahil sa pang-aatake. Karamihan sa mga kalahok sa protesta ay mula sa estado ng Punjab at Haryana.

Noong Marso 14, tumulak sa Delhi ang 5,000 sa kanila sa pangunguna ng Samyukt Kisan Morcha (Di Pulitikal) at Kisan Mazdoor Morcha. Kinatawan nila ang di bababa sa 40 unyong pangsakahan na kalahok sa protesta sa pakikipagdayalogo sa gubyernong Indian.

Ang panibagong bugso ng pagkilos ay karugtong ng mahigit isang taong protesta at pagkakampo ng mga magsasaka noong 2020-2021 na nagpaatras sa tatlong batas na naglayong isailalim ang sektor ng agrikultura sa mga patakaran liberal. Isa sa mga pangako noon si Narenda Modi, punong ministro ng India, ang pagdodoble ng kita ng mga magsasaka bago matapos ang kanyang kasalukuyang termino sa 2025.

Dalawang taon matapos ang mga pangako, nangalahati ang kita ng mga magsasaka. Mas malala, tinatangka ng rehimeng Modi na ilusot ang liberalisasyon sa kalakalan at pribatisasyon ng mga serbisyo sa agrikultura nang hindi idinadaan sa parlamento.

Sa kasalukuyang pagkilos, iginigiit ng mga magsasaka na pagtibayin ng estado ang *minimum price support* (MSP) o presyo ng pagbili ng estado ng mga produkto laban sa pambabarat ng mga komersyante at biglaang mga pagbagsak ng presyo ng merkado. Anila, dapat itakda ang MSP na 50% na mas mataas sa gastos nila sa produksyon, para matiyak na mabubuhay nila ang kanilang mga pamilya. Panawagan nilang saklawin nito ang lahat ng mga pananim, at hindi lamang sa 23 pananim tulad ng ipinatutupad ng BJP.

Kaugnay nito, ipinanawagan nila ang pagbasura sa mga kasunduan na pinasok ng India sa World Trade Organization at hindi pagpasok sa anumang kasunduan para sa "malayang kalakalan." Kinundena nila ang pagtutulak ng makapangyarihang bloke sa WTO para sa pagbabasura sa sistemang MSP bilang isang porma ng subsidyo. Tinututulan din nila ang pagtutulak ng WTO para sa pagtatanggal ng subsidyo sa abono, pestisidyo, binhi, kuryente at iba pang serbisyo na lubhang kinakailangan ng mga magsasaka.

Iginigiit ng mga magsasaka ang pagbura ng kanilang mga utang, na naipagtagumpay nila sa mga pagkilos noong 2020-2021. Ipinanawagan din nila ang hustisya para sa 750 magsasakang namatay dulot ng pandarahas ng estado sa mga pagkilos na ito.

Ang pakikibaka ng mga magsasaka ay hindi hiwalay sa pakikibaka ng iba pang sektor ng lipunang Indian, partikular sa pakikibaka ng mga Adivasi (pambansang minorya), ayon sa CPI-Maoist. Kapwa layuning ng mga kilusang ito ang ipagtanggol ang kayamanan at likas na rekurso ng bansa. Sa gayon, dapat suportahan ito ng lahat ng demokratikong sektor ng lipunang Indian, tulad ng pagsuporta nila sa mga protesta noong 2020-2021. Nasa 40%-60% ng 1.4 bilyong mamamayang Indian ay nakaasa sa agrikultura. Mahigit kalahati sa kanila ay walang sariling lupa, at ang iba ay maliliit na magsasaka. AB

